# Pagtatatag ng mga Gawi sa Pag-aaral sa Tahanan para sa mga Bata sa Mie

## ～upang magkaroon sila ng motibasyon at matutong mag-aral sa sarili nang kusa～

Nais naming ipahayag ang mga resulta ng National Academic Achievement and Learning Status Survey, na isinagawa noong April 2025 sa mga ikaanim na baitang sa elementarya at ikatlong baitang sa junior high school.

Magtulungan tayo,ang paaralan, pamilya, at komunidad upang mahikayat ang mga bata na magkaroon ng motibasyon at matutong mag-aral sa sarili nang kusa. Sa pamamagitan ng pagkakaisa, mapapaunlad natin ang kanilang kakayahan sa pag-aaral.

## Upang magkaroon ng gawi sa pag-aaral at iba pang kaugnay na kasanayan

Sa pamamagitan ng regular na pag-aaral sa bahay, mapapatibay nito ang kakayahan ng mga bata na magsikap at manatiling nakatutok sa klase. Tataas din ang kanilang interes sa iba't ibang larangan ng pagkatuto o pag-aaral.

Makipag-ugnayan sa mga bata, hikayatin sila, at suportahan ang kanilang pag-aaral at paglago.

### Gumawa ng mga Patakaran Kasama ang inyong Anak



- Maglaan ng oras para sa pag-aaral sa bahay. Mahalaga rin ang paglikha ng maayos na kapaligiran, tulad ng hindi panonood ng telebisyon habang nag-aaral.
- Kausapin ang inyong anak upang tiyak na magamit nila nang tama ang kanilang smartphone, games at internet. Pag-usapan at magtakda ng mga patakaran sa bahay tungkol sa oras ng paggamit at iba pang bagay na may kaugnayan sa teknolohiya.

### Hikayatin ang mga Bata na Magbasa ng Libro

- Maglaan ng oras para sa “Uchidoku” (pagbabasa sa bahay),maglagay ng mga libro sa madaling maabot na lugar, maglaan ng oras para sa pagbabasa kasama ang inyong anak, at pag-usapan ang nilalaman ng mga librong binasa. Sa ganitong paraan, mas mahihikayat silang magbasa ng mga libro.



“Uchidoku” –Pagbabasa ng Pamilya sa Bahay.
Ito ay pagbabasa kasama ang buong pamilya upang mas mapalapit at mas maging masaya ang komunikasyon ng pamilya.

### Matulog nang Maaga, Gumising nang Maaga, at Mag-almusal!



- Mahalagang magkaroon ng maayos at regular na gawi sa araw-araw, tulad ng pagtulog at paggising sa parehong oras.
- Simulan ang araw nang may magandang pakiramdam sa pamamagitan ng pagbangon at pagbati ng “Magandang umaga po,” “Kain na po tayo,” at “Aalis na po ako.”

### Purihin at Hikayatin ang mga Bata

- Alamin at purihin ang pagsisikap at determinasyon ng mga bata habang sila ay nagsusumikap at ginagawa ng kanilang makakaya.
- Ang mga tanong tulad ng “Bakit kaya?” o “Paano nangyari iyon?” ay nakatutulong upang mahikayat silang magsaliksik at matutong magtanong nang kusa.




### Paano mo ginugugol ang iyong oras sa bahay?


Bawat taon, unti-unting nababawasan ang bilang ng mga mag-aaral na nag-aaral ng higit pa sa isang oras bukod sa klase sa paaralan.



Oras ng Pag-aaral Kapag May Pasok (Weekdays) (isang oras mahigit)






Oras ng Pag-aaral Kapag Walang Pasok (Weekend) (isang oras mahigit)




Mula sa Board of Education ng Mie Prefecture

## Ano ang average na porsyento ng mga tamang sagot na nakukuha ng mga bata sa bawat subject?









| Average na IRT score sa Junior High School (Science) | |
|---|---|
| Mie | 503 |
| Nationwide | 498 |

・IRT (Item Response Theory)
Ang Item Response Theory (IRT) ay estadistikal na paraan upang matukoy kung ang tama o maling sagot ng mag-aaral ay dulot ng hirap ng tanong o ng antas ng kanilang kaalaman.
・IRT Score
Ang IRT score ay pagtatantya ng kaalaman ng mag-aaral batay sa pattern ng kanilang mga sagot. Ipinapakita ito gamit ang iskor na may pamantayang 500 puntos.

## Kaugnayan ng "oras ng pag-aaral kapag weekdays" at "average na rate ng tamang sagot".

Ang mga batang mas matagal nag-aaral bukod sa klase sa paaralan ay kadalasang mas mataas ang tamang sagot sa mga subject.









Ipinapakita dito ang average na porsyento ng tamang sagot sa asignaturang Matematika batay sa sagot sa tanong na "Gaano karaming oras sa isang araw (mula Lunes hanggang Biyernes) ang ginugugol mo sa pag-aaral bukod sa oras ng klase sa paaralan?" Kasama rito ang oras sa pag-aaral sa cram school, pagpapaturo sa private tutor, at pag-aaral gamit ang internet.

## Ano ang antas ng self-esteem ng mga bata?

Bawat taon, dumarami ang bilang ng mga bata na naniniwala na may magagandang silang katangian, na nagpapakita ng pagtaas ng kanilang tiwala sa sarili.







Mahalagang magkaroon ng pakiramdam na tagumpay, tulad ng "Naiintindihan ko" at "Nagawa ko."

**Website ng Kilusan para sa Pag-unlad ng Akademikong Kakayahan sa Mie.**

Gumawa kami ng mga video na nagpapakita ng kalagayan ng pag-aaral ng mga bata, nagbibigay din kami ng mga payo upang maging gawi nila ang pag-aaral sa bahay, at nagbabahagi din kami ng mga materyales na maaari nilang gamitin sa pag-aaral sa bahay.



Mie Prefectural Board of Education Mascot "Miebi"